



Salawikain

Ang pagiging manunulat o makata ko ay hindi katakataka, o kaya ay biniyayaan ako ng isang kapang-yarihan. Ito ay dahil sa pagsisikap at mahirap na pamumuhay, pagdurusa, kalungkutan, kasipahayan, kagutuman, pagkamuhi, kaligayahan, pagkaawa — ang lahat ng mga ito ang dahilan ng pagiging manunulat ko.

— Carlos Bulosan (1911-1956), *Pilipinong manunulat sa Amerika na nais bumalik sa Pilipinas pero 'di nagawa dahil sa pumanaw doon.*

Arab news Pinoy Xtra

Linggo, Agosto 19, 2012

✉ xtra@arabnews.com

Umuunlad ang turismo



Handa tayo para sa paglago ng turismo. Kung hindi tayo handa ngayon, kelan pa? Napako na tayo sa 3-milyong mga turista nitong nakaraang tatlong dekada at napag-iwanan na tayo ng lahat.

Vic Alcuaz



Ang Huma island

Rosa S. Ocampo at Aimee Flores | Pinoy Xtra

NAKAKALULA ang bilyon-bilyong dolyar na puhunan sa turismo — mula Luzon hanggang Mindanao, mula sa mga *hotels* hanggang sa mga paliparang himpapawid — na ngayon lang natikman ng Pilipinas sa buong kasaysayan nito.

Ang pamumuhunang ito'y naglalayong akitin ang mga dayuhang turista na tinatayang aabot sa 10 milyon sa taong 2016. Sa unang tingin ay napakaganda ng 12% pagtaas ng bilang ng mga turista sa 3.9 milyon noong nakaraang taon mula sa 3.52 milyon noong 2010. Ngunit kung titingnan sa perspektibo ng Asia, walang binatbat ang mga numero ng Pilipinas kung ikukumpara sa mga turista na umabot ng 24.7-milyon sa Malaysia, 19-milyon sa Thailand at 7.6-milyon sa Indonesia.

Ngunit ang *super-laking* paggastos ay inaasahang magpapalakas sa turismo na siya ring magpapalakas sa ekonomiya at napapanahong paghahanda sa pagdagsa ng mga turista maging ang naninirahan sa Pilipinas, balikbayan at lalo na ang mga banyaga at mga bakasyunista o negosyante man.

Malaking bahagi ng puhunan ang laan sa Maynila dahil ito ang *gateway* para sa mga banyagang turista bukod pa sa pagiging sentro ng negosyo at kalakal. Nakakapanibago ang *skyline* ng Manila na hitik sa mga nagtataasang gusali, mula sa Manila Bay at Makati hanggang Global City at Ortigas. Ngayong taon ay magbubukas sa Makati ang Fairmont at Raffles Hotels na pag-aari ng Ayala Land at Kingdom Hotel Investments ng Saudi Arabia.

Kabilang sa mga *hotels* na magbubukas sa Pilipinas sa mga susunod na taon ang mga *international brands* gaya ng Shangri-La, Grand Hyatt, Movenpick, Worldhotels, Radisson, Novotel at mga tatak na sariling atin gaya ng Kukuln, Go, The Bellevue at B *hotels*.

Uusbong sa Manila Bay ang apat na

integrated casino resorts na sinasabing magiging Las Vegas ng Asya. Sa unang bahagi ng isang taon ay bubuksan ang *integrated casino resort* na Solaire, pag-aari ng Bloomberry Resorts and Hotels na pinamumunuan ng negosyanteng si Enrique Razon, Jr. Ang mga *integrated resorts* na ito ay magkakaroon ng mga *hotels*, *theme parks*, *amusement parks*, *theater* at iba pang atraksyon tulad na ating nakikita sa Macau at Singapore.

Maging sa mga pangunahing *tourist attractions* ng Palawan, Boracay, Cebu, Bohol at Davao ay dagsa rin ang mg bagong hotel. Ngayong Agosto halimbawa ay magbubukas sa Palawan ang Movenpick Resort & Spa Huma Island na binubuo ng 80 na bungalow na nakatayo sa tubig. May pribadong paliparan ito para sa pribadong eroplano na maghahatid ng mga bisita mula sa Maynila.

Ang eksklusibong *resort* ay pag-aari ni Dr. Hamad Al Tuwaijiri, Kuwaiti na may-ari rin ng Movenpick Hotel Kuwait at Swissotel Hotel Kuwait. Kuwento ni Vic Alcuaz, *consultant* ni Dr. Hamad sa Pilipinas: Unang naisip ng negosyante ang Maldives para sa negosyo ngunit nang makita nito ang Huma island, agad niya itong nagustuhan at nagpasya na sa Pilipinas na mamuhunan. Maraming kilalang Pilipino si Dr. Hamad kabilang ang mga empleyado ng mga *hotels* niya at malaki ang tiwala niyang magbubunga ang kaniyang puhunan sa isla ng Huma.

Tuloy-tuloy rin ang paggawa ng mga bagong paliparan at pag-aayos sa mga paliparan sa pitong *secondary destinations* sa Pilipinas kabilang na ang Clark, Iloilo, Davao, Cebu, Caticlan, at Bohol bilang paghahanda sa pagdami ng mga eroplanong lumilipad mula sa ibang bansa patungong Pilipinas at mga *domestic airlines*.

Patuloy din ang paggawa ng mga *infrastructure* tulad ng mga daan at *highways* na hawig sa napaka-*efficient* na modelo ng SLEX at NLEX upang mapadali ang biya-

he, mga *ferry* at iba-ibang *tourist attractions*. Bahagi ito ng *tourism plan* ng Pilipinas na mapadali at maging maayos ang mga biyahe sa buong Pilipinas bukod pa sa pagkakaroon ng maraming uri ng akomodasyon para sa mga turista.

At dahil sa dami ng mga turista na dumadaan sa Ninoy Aquino International Airport, hindi na nito kaya ang *super-dami* na ring mga eroplanong gumagamit ng paliparan. Kung ano-anong paraan ang iniisip ng pamahalaan upang limitahan ang bilang ng *flights*, kabilang ang pag-uutos sa mga *domestic airlines* na bawasan nang 30% ang kanilang paglipad sa NAIA na dapat sana'y naganap noong nakaraang Hulyo. Siyempre hindi ito sinunod ng mga airlines dahil mahirap itong ipatupad at tiyak na maaapektuhan ang turismo.

At dahil sobra na ang mga eroplanong gumagamit sa Ninoy Aquino International Airport, pinag-aaralan ngayon ng pamahalaan na sa halip na paunlarin ang Clark bilang *domestic airport* ay palakihin na lamang ito bilang *international airport* na sasalo sa sobrang *traffic* sa NAIA.

At upang mangyari ito, pinag-aaralan din ng pamahalaan ang paggawa ng mga bagong daan o isang posibilidad ang MRT na magkokonekta sa Maynila at Clark at siguro'y paglalaan ng *check-in and baggage counter* sa Maynila, halimbawa'y sa Ayala para sa mga pasahero na pupunta sa *airport* ng Clark. Modelong pinag-aaralan nila ang mga *city center check-in* sa Hong Kong, Japan at South Korea.

Sa ngayo'y marami nang *airlines* ang lumilipad mula Asya diretso na sa Clark, sa Caticlan (papuntang Boracay), at sa Davao. May ginagawang *international airport* na rin sa Panglao sa Bohol na 'di maglalaon ay makokonekta na rin sa ibang bansa sa Asya.

Ang mga bagong puhunan sa turismo — kabilang ang galing sa mga banyaga, ay tinatayang mag-aakit ng maraming mga turista mula sa Estados Unidos, Europa,

Asya at iba pa. Isa rin sa hangad ng Kagawaran ng Turismo ang mga turistang Arabo dahil isa sila sa pinakamalalaking gumastos sa buong mundo.

Laging dumadalo ang Pilipinas sa Arabian Travel Mart sa Dubai International Convention Center. Sa taong ito'y lumahok ang 18-kompanya, kasama ang walong *hotels* at *resorts*, 9 na *tour operators* at isang *airline company* na ipinakilala ang Pilipinas bilang isang atraksyon sa mga turista dahil sa mga dagat at mga eksklusibong *hotels* at *resorts*, dagat at iba pang *natural* na atraksyon at ang karanasang makilala ang kultura at tradisyong Pinoy.

Ayon sa pananaliksik, ang mga turista mula sa Arabian Gulf, lalo na ang mga taga-Qatar, Saudi Arabia at United Arab Emirates ang pinakamalalakas gumastos sa buong mundo. Ang pang-araw-araw nilang gastos ay mula US\$3,280.00 hanggang \$4,100.00. Kumpara sa ibang mga turista, ang gastos nila sa eroplano ay mas-mataas nang 260% at sa *hotel* ay mas-mataas nang 430%.

Noong nakaraang taon, 55,829 na turista mula sa Middle East ang pumunta sa Pilipinas. Ito'y 14.60% na mas-mataas kaysa 2010. Noong unang tatlong buwan nitong taon ay tumaas nang 12.24% ang mga bisita mula sa Gitnang Silangan, lalo na mula sa Saudi, United Arab Emirates, Kuwait at Qatar.

Mas-maraming turista, mas-maraming kita sa Pilipinas na makabubuti sa ekonomiya. Ngunit makakaya ba nating mapanatili ang paglago ng turismo? Bilang *event organizer* at tagahanap ng mga tao para sa industriya (*hospitality head hunter*), sigurado si Vic Alcuaz na ito'y ating makakaya. Aniya, handa tayo para sa paglago ng turismo. Kung hindi tayo handa ngayon, kelan pa? Napako na tayo sa 3-milyong mga turista nitong nakaraang tatlong dekada at napag-unahan na tayong ng lahat.

Sundan sa pahina 4



Ni: Vir B. Lumicao | Pinoy Xtra

Balon ng pag-asa ng pamilyang OFW

PAGLINGON ko sa orasan habang sinisimulan kong sulatin ito ay aluna na ng madaling-araw. Agad sumagi sa isip ko ang mga gabi sa Riyadh nang ako ay namasukan doon na kabilang sa mga dayuhang bumubuo sa patnugutan ng dating *Riyadh Daily*. Ganitong oras may mahigit 25-taon na ang nakalilipas, ay gising pa ang diwa dahil sa pangungulila at pagkasabik sa mga minamahal sa buhay na naiwan sa Pilipinas.

Ganitong oras, kapag tahimik na ang paligid, ay nabubuhay ang alaala na nagpapasidhi sa lumbay ng isang Pilipinong napadpad sa Kaharian ng Saudi Arabia. Malamang ay gising pa rin ang libu-libong Pinoy sa Gitnang Silangan, nasasabik sa kanilang pamilya habang naghahanap ng kapalaran.

Madalas kapag ganitong malalim na ang gabi ay gising pa kami ni Rudy Estimo, ang patnugot ng pahayagang ito na nakasama ko nang matagal sa *Daily Express* sa Maynila bago ako nagtungo sa Riyadh. Nagsimula kami ni Rudy sa pamamahayag bilang mga *proofreaders* o tagabasa at tagatama ng sinulat ng mga *reporters* ng *Daily Express*.

Itinuturing na pinakamababang uri ng gawain sa patnugutan ng pahayagan ang *proofreading*, bagama't ang mga *proofreaders* ay karaniwang nagpakadalubhasa sa wika, lalo na sa Ingles, o mga kaugnay na kursong tulad ng pagtuturo.

Madalas, kapag nagkakape kami sa kantina ng *Daily Express*, ay napapag-usapan namin ang aming kalagayan sa opisina, ang kinatatayuan namin sa balangkas ng pamamahayag, at kung paano umakyat sa tagdan ng larangang ito.

Ipinayo ko noon kay Rudy at sa iba pang mga kaibigan sa *proofreading*: "Huwag magpakabulok dito. Sikapin nating maging ganap na mamamahayag

Sa libu-libo pang Pinoy, isang lundayan ng pangarap ang Gitnang Silangan, lalo na ang Saudi Arabia, na tila isang 'dinatutuyong balon ng kabuhayan. Pangarap ng pangkaraniwang pamilya sa Pilipinas na makapag-Saudi ang kanilang mga anak "upang gumanda ang aming buhay" o "makaahon kami sa kahirapan."

Ayon sa samahang Migrante, isang samahang nagmamalasakit sa mga OFWs, may 4,200 Pilipino ang umaalis araw-araw patungong Saudi at iba pang bahagi ng Gitnang Silangan, o saan man sila dadalhin ng kanilang mga paa.

Tatlong oras pa at muling magbubukang-liwayway. Gising pa ako at naaalala ko si Rudy at ang 4,200 na Pilipinong lumilipad araw-araw upang makipagsapalaran sa ibang bansa. Sa isip ko'y nag-aanyaya ang mga palmera ng Riyadh na balikan ko ang balon ng pag-asa.

Umalis ako noong 1986 bilang OFW sa Riyadh, at heto ako ngayon, nagbabalik upang maglahad at makipagtalastasan sa dating mga kasamahan at iba pang manggagawang Pinoy sa ibayong dagat.

Alaala ng Eid kapag Ramadan sa dating OFWs sa Saudi Arabia

Clara Santos at Niña Bulilit | Pinoy Xtra

MANILA/RIYADH: Ang bakasyon kapag dumarating ang Eid ay 'di maiwasang pag-usapan ng mga dating Overseas Filipino Workers (OFWs) sa Saudi at iba pang bansa na bumubuo sa Gulf Cooperation Council (GCC).

"Isa itong pagkakataon noon para sa mga Pinoy ang makisalo sa mga kapatid na Muslim kapag dumarating ang *Iftar* sa buwan ng Ramadan," sabi ni Noel Santos, isang dating OFW sa Riyadh.

At dahil dito, dagdag niya, natututo ka ng ibang kaalaman tungkol sa pag-aayuno, na pang-apat sa limang *pillars* ng *Islam*. Ang limang *pillars*, ayon sa pagkakasunod, ay ang paniniwala sa iisang Panginoon, paniniwala kay Propeta Muhammad, pagkakaloob ng *Zakat*, pag-aayuno at *pilgrimage* sa Makkah.

"Isang bagay ang napansin ko noon. Kapag hindi pa oras upang mag-*breakfast*, ang mga nag-aayuno ay hinihintay ang pahayag para rito," dagdag naman ni Teofilo Fuentes na dating ring OFW sa Kaharian.

Sinabi rin niya na maraming bagay ang dulot ng pag-aayuno na mabuti sa kalusugan. "Ang mga *toxic food* ay pawang nangangawala sa katawan at nagiging mas-mabuti ang pakiramdam mo," sabi niya. Sa madaling sabi ay nagiging mas-mabuti ang kalusugan.

Sa pag-aayuno, dagdag niya, ay natututo kang higit na makatao dahil sa nakikita mong sakripisyo at disiplina ng mga nag-aayuno.

Samantala, sa pag-uumpisa ng *Eid holidays* ang mga OFWs sa Kaharian ay may kani-kaniyang plano. Ang iba ay nasa Kaharian lamang. Hindi halos lumalabas ng bahay dahil sa tindi ng init at sa gabi, sila ay lumalabas upang pumunta sa mga *malls* bilang paraan ng *bonding* bilang isang pamilya.

Ang iba ay nagpupunta sa mga lugar upang magpalipas lamang ng oras. Ang mga pamilya ay nagre-renta ng istraha upang doon magpalipas ng oras. May dala silang pagkain at doon naguusap-usap tungkol sa iba't-ibang bagay habang ang mga anak ay naglalaro — sa loob o labas.

Ang iba ay bumibiyaha sa labas ng siyudad. Ang mga nasa Riyadh ay nagmamaneho papuntang dakong silangan, tulad ng Dammam o kaya ay Alkhobar upang doon magpalipas ng isa o dalawang araw. Nagche-*check in* sa *hotel* o kaya ay nakikituloy sa kamag-anak o kaibigan.

Ang iba ay tumutuloy sa Bahrain, kung saan ay makakapunta sila sa ilang aliwan kapag gabi — kung saan may awitan. Ang iba naman ay tumutuloy sa Dubai at 'di alintana ang halos 10 oras na biyahe.

Ginagawa nila ito upang namnamin ang ligaya kapag kasama ang pamilya.



Ang mga OFWs na nagrenta ng istraha upang doon magpalipas ng maghapon. Habang naroon ay nagkakatuwaan sila, tulad ng mga nasa larawan.

Problema ng bakasyunistang OFW

Radsky Miguel | Pinoy Xtra

MANILA: Habang papalapat ang araw ng pagbabalik natin sa Bahrain, pakiramdam natin ay tila ba lalung umiiksi ang mga nalalabing oras natin sa Pilipinas.

Kung matutuloy, nakatakda na tayong magbalik sa Gitnang Silangan ano mang araw sa susunod na linggo. Muli na naman nating babalikan ang buhay natin isang Overseas Filipino Worker (OFW).

Higit isang buwan na tayong nagbabakasyon at sinusulit na lamang natin ang mga nalalabing sandali natin kapiling ng ating mga mahal sa buhay.

Ito ang nakagawian nating rituwal araw-araw sa nakaraang limang linggo.

Ngayon, halos paubos na ang numero na wala pang marka ng pulang ekis, tanda iyon na nalalapit na ang takdang araw ng pagbabalik natin sa ibang bayang ating pinagtatrabahuhan. Kung minsan pa, may mga gabi na hindi na tayo dinadalaw ng antok at kung makatulog man, may mga sandali na nagigising tayo sa kalagitnaan ng gabi.

Habang lumilipas ang araw, nahahaluan na rin ito ng pangamba dahil muli na naman nating iiwan ang ating pamilya. Pinalubha pa ito ng pangyayaring ating nasaksihan nitong mga nagdaang linggo

kung saan hinagupit ng mga bagyo at matinding pagbabaha ang buong Kamaynilaan.

Ang katotohanan, pangkaraniwan na sa mga OFWs ang ganitong kakaibang pakiramdam.

Ika nga ng mga beteranong OFWs na nagpabalik-balik na sa Pilipinas, masarap na mahirap talaga ang nagbakasyon.

Masarap dahil ito ang sandaling pinaka-aasam-asam ng isang nangibang-bayan. Subali't mahirap dahil ang pagbabakasyon ay may kaakibat na ilang hindi maiiwasang problema.

Una na riyon, siyempre, lubhang magastos ang pagbabakasyon. Nakaugalian na ng maraming OFWs na magpasalubong o magpakargo ng kung ano-ano sa kanilang mga mahal sa buhay.

Kadalasang ang tingin sa isang OFW na nagbabakasyon ay parang si Santa Claus na laging handang magpamudmod ng regalo. Kalimitang malaking bahagi ng pera ng isang OFW sa loob ng ilang taong pagtatrabaho ay nauwi lamang sa pagbili ng mga pasalubong.

Patunay dito ang ating matagal nang kaibigan sa Bahrain na si Leo Tuazon na naririto sa Pilipinas at nakatakda na ring bumalik sa susunod na linggo.

"Masyadong magastos," pag-amin niya, "mabuti na lamang inunti-unti ko ang

pagbili ng mga pasalubong."

Katunayan, sinimulan niyang bumili ng mga pasalubong noon pang Marso.

Tuwing araw ng suweldo, paisa-isa ang binibili niya, mula sa laruan ng kaniyang mga anak, mga personal na gamit ng asawa gaya ng pabango at mga alahas, hanggang sa mga de lata at sabon na ibibigay niya sa mga bibisita sa kanya sa kanilang bahay.

Ang nakalulungkot, kung minsan ay kinamumuhian pa ang isang OFW sa oras na may makalimutan siyang abutan ng pasalubong.

Nariyan pa ang posibilidad na mautang siya ng ilang "mapagsamantalang" kamag-anak na nag-aakalang laging may malaking dalang pera ang isang bakasyunistang OFW.

At gaya ng nakaugalian na ng maraming mga OFWs, hindi pa rin natin nakakalimutang magdala ng mga pasalubong naman para sa mga kababayan nating dadatnan sa Bahrain.

Dito namumukod-tangi ang mga OFWs. Sa kabila ng katotohanang karamihan sa mga bakasyunistang OFWs ay nagbabalik sa bansang pinagtatrabahuhan na halos "butas ang bulsa", hindi pa rin sila nakakalimot na magdala ng mga pasalubong sa mga tao namang kanilang daratnan.

Bagong aral mula sa pagbaha sa Pilipinas

Edwin P. Santos | Pinoy Xtra

DAVAO: Aabutin pa raw ng mga taon bago lubusang malutas ang mga problemang dala ng pagbaha sa Pilipinas lalung-lalo na sa Metro Manila. Ayon sa isang panayam kay Pangulong Benigno Aquino III, makukumpleto ang nakikitang permanenteng solusyon bago matapos ang kaniyang termino sa taong 2016.

Ang ibig sabihin, asahang mararanasan pa ng mga Pilipino ang paulit-ulit na lagim na dulot ng katatapos na mga pagbaha. Kabilang sa mga apektado ang humigit-kumulang na 200,000 na mga pamilya ng OFWs na nasa Kalakhang Maynila at mga karatig na probinsiya gaya ng Bulakan, Laguna, at Pampanga ayon sa grupo ng Migrante.

Puwersahang napalikas mula sa kanilang mga tirahan ang mga pamilya ng OFWs at pansamantalang nanirahan sa *evacuation centers*.

Kung ibabatay sa mga nakalipas na mga araw ng delubyo, marami pang dagdag na mga aral ang dapat na malaman upang kahit papaano'y maibsan ang mga panganib sa pagbaha sa mga darating na araw.

Una na ay ang kinakailangang pagiging pamilyar ng lahat ng mga Pilipino, kabilang na ang mga OFWs at ng kanilang mga pamilya, sa ipinapatupad sa ngayon na *color-coded warning signals* mula sa Pag-asa, ang sangay ng pamahalaan sa Pilipinas na may responsibilidad sa *monitoring* ng mga bagyo.



Ang mga volunteers ng Red Cross habang nililinis ang lugar na nasalanta dahil sa pagbaha. (AP)

Tatlong kulay ang itinakda ng nasabing ahensiya: dilaw na babala sa inaasahang mabigat na pag-ulan sa loob ng isa hanggang dalawang oras, at posible ang pagbaha pagkatapos; at kulay *orange* naman sa mas-matinding pag-ulan sa loob ng isa hanggang dalawang oras din kasabay ng banta ng mas-malalang pagbaha na magiging babala na rin sa posibleng paglikas ng mga tao sa mas-mataas na lugar. *Red warning* ang pinakamataas na babala na kakikitaan ng

seryosong pagbaha sa mga mabababang lugar kung kayat kailangan na talaga ang paglikas.

Sa paglikas ng mga binaha, matindi rin ang panibagong aral at paala-ala na dapat ipagdiin sa mga mamamayan. Nang nakaraang mga pagbaha, iisa ang puna ng mga *rescuers* mula sa pamahalaan, mga pribadong grupo at mga nagboluntaryo na mga indibiduwal — huwag nang magdalawang-isip pa sa maagang paglikas at pag-

iwan sa mga bahay at mga ari-arian bago pa mahuli ang lahat. Paulit-ulit na pagtanggap sa paglikas ang itinugon sa *rescuers* ng maramiraming mga Pilipino nang mababaw pa ang tubig sa kalsada. Sa biglaang pagtaas ng baha, naging sabay-sabay na rin ang paghingi ng tulong ng mga tao na hindi na epektibong natugunan nang mabilis at walang pahinga na mga tagapagligtas.

Unang leksiyon ay dapat na mas-pahalagahan ang buhay ng tao kaysa sa ano mang kayamanan na puwede namang pagsumikapang makamit muli.

Isa pa, dahil asahan nga ang napakalaking posibilidad na mauulit pa ang matitinding mga pagbaha, siguraduhing may sapat na imbak ng mga kakailanganin sa mga oras ng krisis. Dito lamang ang mga pamilya ng OFWs dahil sa mas-angat na kakayahan nila sa pananalapi.

Sa oras ng *flood emergency* at nahihirapan na sa paglikas, pumunta na lang sa pinakamataas na bahagi ng pamamahay. Dito napakalaking tulong kung may maitatabi na pito na pang-ingay o anumang makatawag pansin sa mga kinauukulan. Ang simpleng pito ay malaki ang maitutulong lulu na kung gabi at nawalan ng kuryente o ilaw ang paligid.

Napakahalaga ring mapanatili ang kakayahan sa komunikasyon, lalung-lalo na ang sa *cellphone*. Matindi ang hangarin ng mga Pilipinong nasa ibang bansa na anumang sandali ay pupuwede nilang makausap ang mga pamilyang binaha sa Pilipinas.

Sundan sa pahina 4

MAGPADALA SA WESTERN UNION NGAYONG RAMADAN AT MAY
CHANCE KA NANG MANALO NG HIGIT

SR 500,000
NA CASH PRIZES

Manalo ng malaking premyo sa Western Union Ramadan promotion. Mahigit
200 cash prizes* ang maaaring mapanalunan kasama ang 3 Grand Prizes.

1 prize of	SR 100,000/-
1 prize of	SR 75,000/-
1 prize of	SR 50,000/-
20 prizes of	SR 5,000/-
185 prizes of	SR 1,000/-

Promotion Period: 2nd July - 2nd September, 2012.
Draw date: September 9, 2012



DOUBLE YOUR CHANCES
WITH GOLD!CARD

انجاز
ENJAZ
BANKING SERVICES
للخدمات البنكية

Call 800 897 1441
• Money Transfer •

WESTERN UNION
moving money for better

*All prizes will be declared at the end of the promotion period subject to promotional terms and conditions which are available at your nearest agent location

Ano ang dapat gawin para sa 'personal' na pag-unlad

Lily Ann Pereyas | Pinoy Xtra

MANILA: Ang paglaking pisikal ng isang tao ay kadalasang humihinto na sa edad 18 hanggang 21. Kasabay ng kanyang paglaki taun-taon ay sumasabay din ang kaniyang *mental growth*. Subalit humihinto din kaya ang paglawak ng pag-iisip ng isang tao at ng kanyang personalidad sa nasabing edad? Sa palagay ko ay hindi. Sa katunayan, sa edad na ito pa lang nagsisimulang umunlad ang kamalayan ng isang tao patungkol sa kaniyang sarili. Pagsapit ng 40s, ito na ang *stage* kung saan dapat ay nae-*establish* na ang personalidad at ang buhay ng isang tao. Subalit ang iba na nasa edad na ito, ay parang nagsisimula ng humihinto sa pagpapaulad ng kanilang sarili na para bang napagod na sila sa buhay. Bumababa na ang kanilang mga *adrenalin* sa pagpapayabong ng kanilang kaalaman.

Narito ang ilang alituntunin mula sa mga eksperto kung papaano mapapanatili ang *personal* na pag-unlad anumang estado ng edad nabibilang tayo:

1. Laging gawing mas malaki ang inyong kinabukasan kaysa sa inyong nakaraan.

Ang nakaraan ay makatutulong sa pag-unlad ng ating kinabukasan dahil sa mayamang karanasan na naibigay nito sa atin. Katunayan, kung ano tayo ngayon ay bunga ng pang-araw-araw nating ginawa o desisyon noong nakaraan. Subalit hindi tayo dapat

mamuhay sa nakaraan. Puwede lang natin itong maging *source* ng kinakailangang *raw material* ang karanasan nito upang makabuo ng isang mas-malaki at mas maayos na hinaharap. Hindi na natin mababago ang nangyari na subalit puwede natin itong ayusin o *i-improve* ngayon para sa kinabukasan natin. Gawin nating mas-maunlad ang ating ngayon at ang ating bukas kaysa sa ating kahapon. Ibig sabihin dapat may *improvement* palagi sa atin. Huwag nating katakutan ang kabiguan at maging dahilan ito ng pagtanggap nating subukan ang mga bagong bagay ngayon.

2. Laging gawing mas malaki ang ating kontribusyon kaysa sa ating tatanggapin pabuya.

Kadalasan kapag nakuha na natin ang tagumpay ay nae-*enjoy* na lang natin ang mga bunga nito gaya ng katanyagan, salaping gantimpala, papuri, dagdag na *resources* at oportunidad, at iba pa. Nakakalimutan na natin na magpatuloy upang higit pang mapagbuti ang ating natamo na. Alalahanin natin na ang mga biyayang ating natanggap ay may kaakibat na responsibilidad. Ang isipin nating palagi ay ang posibleng maidagdag na makabuluhang kontribusyon natin sa pagpapaulad 'di lamang ng ating sarili kung hindi maging ng ating lipunan. Gawin nating sukatan ng tagumpay ang mga butil na ating naitanim sa halip na mga inaning mga bunga. Maglingkod sa halip na asahang mapagling-

kuran. Magbigay sa halip na tumanggap.

3. Laging gawing mahusay ang ating pag-gawa kaysa sa mga papuri.

Ang pinakamahusay na *performers* sa anumang larangan ay iyong patuloy na nagnanais na mapagbuti pang lalo ang kanyang ginagawa. Ano mang papuri o pabuya ang kanyang tinatanggap, patuloy pa din niyang pinagbuti at sinisikap lagpasan pa ang kanyang magandang *performance*.

Upang lalo pa nating mapagbuti ang ating mga gawain, maging *growth-driven* tayo sa halip na *goal-driven*. Bagamat wala namang masama sa pagiging *goal-driven*. Kaya lang maari itong maging dahilan ng ating limitadong pag-unlad kung hindi tayo magiging maingat. Dahil kapag nai-*set* natin ang ating goal ng mataas at 'di natin nakayang abutin, maaari tayong madismaya, manghina at mawala ng gana sa ating ginagawa. Kung masyadong mababa naman ang *goal* natin, baka naman tayo maging *relax* o kampaante na kapag naabot na natin ang ating *goal* kahit alam natin na may kakayahan at pagkakataon pa tayong lagpasan ang ating *goal* na nai-*set* at magsikap pang lalong umunlad. Sa pagiging *growth-driven* naman, naroon ang patuloy na pagnanais at pagsisikap na umunlad dahil ang pag-unlad ay isang mahaba at tuloy-tuloy na proseso at hindi limitado sa kung ano ang hindi natin naabot at kung ano na ang naabot natin, kung hindi ano pa ang aabutin natin.

4. Laging gawing mas-malaki ang ating pasasalamat kaysa sa ating tagumpay.

Kakaunti lang ang porsiyento ng mga taong patuloy na nagtagumpay ng mahabang panahon. Kinikilala nila na ang kanilang tagumpay ay bunga ng suporta at tulong ng maraming tao sa kanilang paligid. At may patuloy na pagpapasalamat sila sa mga ito.

Dapat nating makita ang kahalagahan ng mga taong nasa ating paligid at ng mga bagay at *resources* na available sa atin na malaki ang kontribusyon sa ating pag-unlad. At kung makita na natin ang mga ito, bigyan natin ng pasasalamat kahit sa pamamagitan ng angkop na pagtrato dito. Kusang lumalapit sa may pagpapahalaga sa kanila ang mga tao at *resources*.

Upang malinang ang ugali ng pasasalamat, si Oprah Winfrey ay mayroong *gratitude journal*. Ang payo nya ay maglista tuwing gabi ng limang nangyari sa bawat araw na ating ipinagpapasalamat. Ang unang benepisyong idudulot nito ay baguhin ang ating pananaw sa buhay.

Kung nakatuon ang pansin natin sa kung ano ang mayroon tayo, makikita natin na napakasagana ng mundong ito para sa atin at madadagdag pa ang kung anong mayroon tayo. Subalit kung ang lagi nating hinahanap ay ang wala sa atin, hindi talaga tayo magiging sapat. Lagi ng salat at may kulang sa ating buhay.

Bagong aral ...

Mula sa pahina 3

Sa isa pang banda, iyon din ang kakayahan ng mga binaha para makahingi ng saklolo sa mga kinauukulan. Napakagandang paghahanda ang magkaroon ng *extra units* ng *cellphone batteries* na kailangang *fully-charged* ano mang oras. Dahil karaniwan na

ngang nawawalan ng kuryente kung matindi na ang pagbaha, napakalaking tulong na may mga dati na na *fully-charged batteries* para sa *cellphone* na nakaantabay.

Bukod sa pagtatawagan, dahil may mga *cellphones* na rin na pupuwedeng makapakinig ng radyo at makabalita sa *internet*, magiging mas-handa ang pamilya base sa mga maririnig o mababasa na pinakabagong *updates* sa klima at panahon.

Bukod sa *cellphone*, itinuturo din ng

mga nakalipas na pagbaha ang kailangang pag-iipon ng sapat-sapat na bilang ng mga pagkaing *ready-to-eat* agad gaya ng mga delata. Pero mas-maganda pa, ang pag-iimbak ng mga makakain gaya ng sardinas na nasa *easy-to-open pouch* na hindi na mangan-gailangan ng abredor (na baka mahirapang hanapin pa dahil *brown-out* sa paligid!).

Dapat ay paigtingin pa ang edukasyon tungkol sa haba ng panahon ng itinatagat ng mga basura. Halimbawa, ang

plastik *bags* na itatapon ng mga tao sa kaniyang kapaligiran ay hindi agad-agad ang *decomposition* — ito ay umaabot mula 200 hanggang isang libong taon bago pa masira; maging ang *disposable diapers* na hindi maayos na itatapon ay bibilang pa ng 550 na mga taon bago mag-*decompose*; ang plastik na mga botelya gaya ng sa tubig ay 450 na taon naman.

Umunlad ang turismo

Mula sa pahina 1

Kaya natin ito, sabi ni Alcuaz, dahil mayroon tayong mga Pinoy na kilala sa pagiging *natural* na *hospitable*. Nais talaga nating tumulong at magsilbi. Mayroon tayong lahat ng kailangan para lumakas ang turismo, kasama na ang kasalukuyang pagbabago at pagtatayo ng mga imprastruktura ng turismo.

Binanggit din ni Alcuaz ang mga *first class freeways and tollways* tulad ng NLEX mula Balintawak hanggang Tarlac, ang mas-mabilis na pagpunta ng Baguio, dahil dito, ang SLEX at Skyway ay mas-pinadali ang pagpunta mula Maynila hanggang Santo Tomas sa Batangas, at marami pang iba.

Ganito rin ang pananaw ng mga mamumuhunang banyaga, tulad ni Lim Chee Yong, isang *Singaporean* na may-ari ng Manila Ocean Park at Hotel H2O. Dahil sa magandang resulta ng kaniyang negosyo sa Maynila sa napakaikling panahon na dalawang taon lamang, si Lim ay magtatayo ng isa pang mamahaling *hotel* sa Makati. Ito ang magiging kauna-unahang *Worldhotel* sa Pilipinas. Naghahanap pa rin siya ng oportunidad sa Palawan, Cebu at Boracay para sa tatak ng *hotel* na H2O at *ocean-themed park*.

Si Roland Jegge, pinuno ng *Worldhotels* sa Asia Pacific, ay malaki rin ang tiwala at oportunidad na nakikita sa Pilipinas, tulad ni Lim. Tinataya niya na magkakaroon pa sila ng 10-*hotel* sa Pilipinas na magiging miyembro ng kanilang *marketing representation company*, kasama ang The Manor na isang *boutique hotel* sa Baguio.

Ngunit sa layuning lumago ang turismo, sana'y hindi malimutan ang pangangailangan na pangalagaan ang kapaligiran at kultura.

Samu't-Sari Patrol

Ni: Francis Salud | Pinoy Xtra

francissalud@yahoo.com



Hadlang sa pagmamahalan ang mga magulang; problema ng may kapangalan

Magkaiba po kami ng *iqama* at *employer* ng anak kong dalaga. Kung sakaling ma-check ng maykapangyarihan na kami'y magkasama, anong dokumento ang dapat naming ipakita? — Danny, Jeddah

Dapat ay lagi n'yong dala ang *birth certificate* ng iyong anak o kaya'y *affidavit* para ma-*establish* ang relasyon n'yo bilang magka-maganak. Ipa-*translate* ito sa *Arabic* at dapat *authenticated* ng ating embahada o konsulado.

Gusto kong mag-loan sa OWWA at isa sa mga requirements na hinihingi ay ang Overseas Employment Contract (OEC) at employment contract. Saan ba ako puwedeng kumuha ng mga ito? Ako po ay family driver. — Ronron, Dammam

Ang *employment contract* ay pirmado ng *employer* at *employee* at nakasaad doon kung ano ang iyong magiging trabaho, sahod, at iba pang kasunduan. Dumadaan ito sa *placement agency* na siyang nagpo-*process* sa POEA bago mapa-alis ng bansa ang isang manggagawa. Ang OEC naman ay ibinibigay lamang ng POEA

matapos maberipika ang mga dokumento ng isang aplikanteng manggagawa tulad ng *passport*, *employment contract*, OWWA *membership*, atbp. Kung nasa *abroad* na ang isang OFW, puwede siyang kumuha ng OEC sa alin mang foreign post o embahada/konsulada. Lima ang kopya nito — isang kopya sa OFW, sa POEA *airport desk*, sa *airline*, sa *customs* at sa immigration. Magtungo ka sa Philippine Overseas Labor Office (POLO) sa Riyadh para makakuha ng OEC. Kung wala ka namang hawak na *employment contract*, puwede kang mag-request nito sa *agency* na nagpa-alis sa iyo sa 'Pinas.

Bakit siningil ako ng travel tax pagdating ko sa airport. Hindi po ba exempted sa pagbabayad nito ang mga OFW tulad ko? — Perla, Riyadh

Posibleng hindi mo nadala at naipakita ang mga dokumentong magpapatunay na ikaw ay isang OFW. May mga OFWs na sa katarantahan na makarating agad sa *airport* ay naiwanan o nakakaligtaang kumuha ng OEC sa POEA. Kung dala niyo ang inyong *employment contract* at

katibayan na ang inyong OWWA *membership* ay *valid* pa, puwede kayong makakuha ng OEC sa POEA *airport desk counter*. Sakaling 'di n'yo dala ang mga naturang dokumento, pinapayagan pa ring makaalis ang pasahero pero pinagbabayad siya ng *travel tax in full amount*. Para makaiwas sa hassle, ilang araw bago ang *flight* pabalik sa Saudi o ibang bansang pupuntahan, pumunta agad sa pinakamalapit na POEA *office* dala ng *passport* at kopya ng *employment contract*.

May kapangalan ako. Ano po ang dapat gawin para 'di laging naaabala sa immigration? — Ferdie, Alkbobar

Sa iyong muling pagbakasyon sa 'Pinas ay magtungo agad sa National Bureau of Investigation (NBI) para kumuha ng *certification of no derogatory remarks*." Kumuha rin ng *clearance* sa nakakasakop sa iyong pulisya at dalhin ang mga ito tuwing bibiyahe para maiwasan ang problema at abala.

Para sa inyong kuwento o katanungan, mag-email sa: francissalud@yahoo.com.

Sapat ba ang pagmamahal?

Ika-4 na labas

(Bakas ng Nakaraan: Mula sa kaniyang kasama sa kwartong si Anna mae ay nalaman ni Julia na may gusto sa kaniya si Ron. Nang gabing iyon ay ginulo ni Ron ang kaniyang isipan kaya't nang dumating ang kinabukasan ay kumabog ang dibdib ni Julia nang oras na ng uwian. Subalit hindi dumating si Ron para sumabay sa kaniya. Sa halip ay isang kaeskwela niya ang nakisabay sa kaniya. Sa kabila ng mga pagbibiro ng kaeskwela ay hindi naging masaya si Julia na katulad ng pagiging masaya niya kapag si Ron ang kaniyang kasabay pauwi.)

"Naku! Nalaman mo na ba ang tungkol sa nangyari kay Ron?" salubong sa kaniya ni Anna mae na nauna na palang umuwi sa kaniya. Ang ekspresyon ng mukha ng kaharap ay naghatid ng pangamba kay Julia.

"Bakit? Anong nangyari sa kaniya?," usisa ni Julia na pilit na kinalma ang sarili bagamat ang bahagyang pagpiyok niya ay saglit na pumigil kay Anna mae sa iba pa niyang sabihin.

"Nabangga raw ang sinasakyan nitong bus pabalik dito sa Maynila!"

"Ha?! Diyos ko!" ang tanging nabigkas ni Julia. Nag-init ang kaniyang mga mata, nagbanta ang kaniyang mga luha subalit katulad ng kaniyang nakasanayan na sa kumbento kapag naaalala niya ang kaniyang mga magulang at mga kapatid ay nagawa niyang pigilan ang mga ito.

"Nagbabalak ang grupo sa teatro na puntahan siya sa ospital bukas. Sa isang ospital sa Laguna siya dinala. Sumama ka kung gusto mo. Pagkatapos ng klase ang alis namin..." wika ni Anna mae.

"Hindi ko tiyak kung makakasama ako..." nag-aatubiling wika ni Julia na pilit pa ring kinukubli ang nararamdaman para kay Ron.

"Ikaw ang bahala, Julia...pero ang sabi nila ay malubha raw ang kalagayan ni Ron." Ang tingit ni Anna Mae ay tila nagbanta... nananakot..."

Muli'y hindi dinalaw ng antok si Julia nang gabing iyon. Matagal nang tulog si Anna mae subalit siya'y dilat na dilat pa rin ang mga mata. Naupo siya sa kaniyang kama. Kinuha niya ang sipi ng Bibliya na palaging nasa kaniyang tabi. Matapos ang maikling panalangin ng paghingi ng patnubay ay binuksan niya ito. Natuon ang kanyang pansin sa sinasabi sa 1 Juan 5:14 na nagsasabing ano mang bagay na hingin natin sa Diyos ay ipagkakaloob Niya kung ito'y ayon sa Kaniyang kalooban. Taimitim na nanalangin si Julia para

sa kaligtasan ni Ron. Hindi siya maaaring magkaila sa Diyos. Inamin niya sa Panginoon ang pagiging malapit ng kaniyang damdamin sa binata at ito'y nagbigay kaluwagan sa kanyang dibdib. Bukas, sasama siya kay Anna mae at sa mga taga-teatro.

Kinabukasan ay napangiti si Anna mae nang sabihin ni Julia na sasama siya sa pagdalaw kay Ron. "Mabuti naman kung ganuon. Alam mo na... kapag may magagawa ka para sa isang tao, gawin mo na ngayon... habang may panahon pa." Ang huling sinabi ni Anna Mae ay lalo pang nagpatindi sa pag-aalala ni Julia para sa kalagayan ni Ron. Gaano nga ba kalala ito? Minabuti ni Julia na huwag na lamang magtanong. Hanggát maaari ay ayaw pa rin niyang malaman ng iba ang nararamdaman niya para kay Ron.

Bandang alas-singko na nang nakaalis sa Maynila sina Julia. Anim silang magkakasama. Ang iba'y sa isang araw naman nakatakdang dumalaw. Bagamat may sarili silang sasakyanang van ng isa sa mga kasamahan ni Ron sa teatro, ay hindi pa rin sila nakaiwas sa maha-bang trapik. Hindi na iba para kay Julia ang kaniyang dinaraan. Iyon din ang dinaraan niya tuwing uwi siya sa Naga. Kabisado na rin niya kung nasaan ang ospital na tinutukoy



na pinagdalan kay Ron. Malaki ang ospital na iyon at balitang magagaling ang mga doktor.

Sa reception tumuloy sina Julia. Si Anna mae ang nagtanong tungkol kay Ron. Matapos makapagpakilala sa nurse na naroroon ay agad silang itinuro sa silid na kinaroroonan ng binata. Marahang kumatok si Anna mae sa pintuan ng silid at isang may-edad ng babae ang sumungaw sa pintuan.

"Mga kasamahan po kami ni Ron sa teatro

sa UST..." wika ni Anna mae. "Kayo po ang mama niya?"

"oo. Halikayo, pumasok kayo..."

Walang nakapagsalita isa man sa kanila nang tumambad sa kanila si Ron. Nakakaawa ito sa kaniyang kalagayan. Bukod sa dextrose na nakakabit sa kaniya ay may isinasalin din sa kaniyang dugo. Marami siyang sugat sa katawan at may balot ang kaniyang ulo. Unang pagkakataon pa lamang ni Julia na makakita ng ganuon at tila ipinako siya sa kaniyang kinatatayuan.

Isa-isang ipinakilala ni Anna mae ang kaniyang mga kasama. Huli niyang ipinakilala si Julia.

"Tagasaan ka Julie?" tanong ng mama ni Ron subalit hindi nagawang sumagot ni Julie. Tila hindi nito matanggap na ang masayahin at masiglang si Ron ay magiging tila walang buhay.

"Julie?" ulit ni Anna mae sabay siko dito subalit wala pa ring tinag si Julia. "Nabigla po sa nangyari kay Ron..." paliwanag ni Anna mae.

"Ah... sabagay nakakabigla talaga. Noong una ko ngang makita si Ron sa ganyang kalagayan ay muntik na kaong himatayin..."

"Hanggang kailan po siya sasalinan ng dugo? Maaari po kaming mag-donate kung kailangan pa..." wika ng isa.

"Maraming salamat...maraming dugo ang nawala sa kaniya dahil sa aksidente. Itatanong ko sa doktor kung kailangan pa nila at ipapaalam ko na lang sa inyo. Maaari ko bang mahingi ang mga numero ninyo?"

"Opo!" mabilis na wika ni Anna mae at agad siyang kumuha ng papel at ballpen ant isinulat doon ang numero niya. "Ako na lamang po ang tawagan ninyo kung kinakailangan..."

Nang makapagpasalamat ay muling nagkuwento ang mama ni Ron. "Ang sabi ng iba'y himalang nabuhay pa ang anak namin matapos niyang tumilapon mula sa bus. Marami sa kanila ang namatay... Hindi pa namin siya nakakausap subalit ang sabi ng doktor ay nakalampas na siya sa critical period."

"Alam na po ba ng kapatid niya ang nangyari? tanong ng isa sa mga kasama nina Julia. Saglit na napatigil ang mama ni Ron sa pagkukuwento. Tila nag-isip ito. "Hindi pa... ayaw na naming mag-alala siya..." sabi nito. "Malaki ang paniniwala namin ng papa niya na may misyong ibig ipagawa sa kanya ang Diyos..." paliwanag nito.

Habang nagsasalita ang mama ni Ron ay nakatitig sa kanya si Julia. Hindi niya mawari

ISANG MAIKLING KUWENTO

Ni Ma. Clara S. Santos | Pinoy Xtra

subalit tila nagkita na sila nito...

"Ano po ang pangalan ninyo?" bigla niyang tanong. Napatingin sa kanya ang mga naroroon... nagtataka subalit bago pa man masagot ito ng mama ni Ron ay sabay-sabay slang napalingon sa kinaroroonan ng pasyente nang marinig nilang umungol ito. Mabilis na lumapit ang mama nito sa kanya at naluluhang hinawakan ang kamay ng kanyang anak.

"Ron... naandito kami, anak. Naandito mga kaibigan mo..." Marahang dumilat si Ron. Napangiti ito, halatang nasasaktan. Nagkataon namang may nars na dumating na agad tumawag ng doktor.

"Huwag po kayong mag-aalala. Normal lang po iyan. Maya-maya lang po ay wala na siyang mararamdamang sakit. Pakiusap ko lang po na hayaan po muna natin siyang magpahinga..."

Sa narinig na sinabi ng doktor ay min-abuti nina Anna mae na magpaalam na. Bukod pa rito'y ayaw rin nilang gabihin masyado sa daan.

"Tita... hindi na po kami magtatalaga..." paalam nila.

"Pasensiya na kayo ha? Hayaan ninyo... sasabihin ko kay Ron na dumalaw kayo."

"Pakitawagan na lang po ako kung sakaling kailangan pa niya ng dugo o kung may maitutulong po kami..." wika ni Anna mae.

"Salamat... maraming salamat sainyo." Bago umalis ay muling tinapunan ng tingin ni Julia si Ron. Ibig niya itong lapitan at sabihin dito na magiging maayos ang lahat. "Walang imposible sa Diyos," ibig niyang sabihin subalit hindi niya ito nagawang bigkasin. Wari'y naramdaman naman ito ng mama ni Ron. Wala sa isip na ginawaran nito ng halik si Julia.

"Gagaling siya... huwag kang mag-alalala," ang sabi nito. Napatingin si Julia sa mga kasama, tila nakaramdam siya ng pagkapahiya subalit hindi alintana ng kanyang mga kasama ang sinabi ng mama ni Ron.

"Opo... gagaling po si Ron. Ang Diyos po ang bahala sa kaniya. Ingatan rin po ninyo ang inyong sarili..." wika ni Julia.

"Salamat, anak..." masuyong sagot ng mama ni Ron.

Hindi malaman ni Julia kung bakit ibig umiyak. Pakiramdam niya'y malapit na malapit ang loob niya sa mama ni Ron at ganuon din ito sa kaniya.

(May karugtong)

Pagkatapos ng Buwan ng Ramadan

Sa ngalan ng Allah, ang Pinakamahabagin at Pinakamaawain. Ang lahat ng pagpupuri ay para lamang sa Allah, subalit ang iba sa Kaniya ay hindi mananatili. Ako ay nagpapasalamat sa pagtapos ng buwan ng Ramadan at ang mga mabubuting dulot nito, at ako rin ay magpapasalamat sa mga biyayang galing kay Allah.

Karamihan sa mga nananampalatayang Muslim sa buwan ito ay masaya kaya't may kasayahan at kagalakan sa mga nagparagdag ng kabutihan para sa kapakanan ng hul-ing araw at makamtan niya ang mga gawang-mabubuti. Samakatuwid, kasayangan sa mga binale-wala at hindi gumawa ng mga kabutihan sa mga araw at gabi Ramadan at nalampasan niya ang mga kabutihang dapat ay makamtan sa buwang ito.

Mga kapatid na mga Muslim, tungkol sa pananampalatayang hindi maaaring palampasin ng mga nagsasagawa ng kabutihan, sinabi

ng Allah sa Qur'an Surah Al-Hijr 15:99: "At sambahin mo ang iyong Panginoon hanggang sa sumapit sa iyo ang nakatakdang oras (alala-ong baga, ang kamatayan)."

Tunay na ang pagsunod kay Allah sa pamamagitan ng pag-aayuno sa buwan ng Ramadan at ng iba pa ay hindi mapuputol — kaya maraming salamat kay Allah — pagkatapos ng buwan ng Ramadan, at ipasunod ang pag-aayuno nang anim na araw sa buwan ng *Shawwal* at ang gantimpala ay para kang nag-ayuno nang isang taon, at ang pag-aayuno nang tatlong araw sa lahat ng buwan ay para kang nag-ayuno nang ikumpletong isang buwan, at ang pag-aayuno sa ika siyam sa buwan ng *Dil Hijab* ay gawaing kinalalug-dan ng Allah, at sa pag-aayuno sa araw ng Ashura ay mawawala ang kasalanan o kaya ay patatawarin ka ng Allah sa lumipas na taon, at ang pag-aayuno sa buwan ng Sha'ban at sa araw ng Arafat ay pawawalain ng Allah ang dalawang taon i.e. sa lumipas na taon at sa darating na taon, at ang pag-aayuno sa araw

ng Lunes sinabi ng Sugo ng Allah sumakaniya nawa ang kapayapaan,

Kahit tapos na ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan sa taong ito, ang pag-aala-ala kay Allah ay kailanman ay hindi mawawala sa paglipas ng buwang ito dahil tayo ay pinagsabihan ng Sugo ng Allah na si propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) na magiging tuloy pa rin ang pag-aala-ala ng ating dila sa gabi at araw.

At ang pagbabasa ng Qur'an ay hindi lamang sa buwan ng Ramadan kundi dapat na ipagpatuloy sa mga ibang buwan dahil sa ang gantimpala ng isang letra sa Qur'an ay sampung mga gawaing mabubuti.

O mga alipin ng Allah, tunay na ang isang naniwala kay Allah ay lumilipat lamang mula sa isang pananampalataya sa isang pananampalataya rin, at mula sa kagalakan tungo sa isang kagalakan, at mula sa pagsunod tungo sa isang pagsunod hanggang dumatal na sa kaniya ang kamatayan, katulad ng sinabi ng isang alipin ng Allah na si Isa Jesus na anak ni

Islam

Ni: Esmail Saleh Abdul Rahman



Maria-Mariam (sumakaniya nawa ang kapayapaan)... "at nagtagubilin sa akin sa pag-aalay ng Salah (takdang pagdarasal), at (pagbibigay ng) Zakat (katungkulang kawanggawa) habang ako ay nabubuhay" Kaya mga alipin ng Allah, tunay na ang Panginoon ng Ramadan ay Siya rin ang Panginoon sa lahat ng mga buwan sa isang taon, at kapag nadadagdagan ang pagsamba sa Allah ay nadadagdagan rin ang pagsamba sa mga iba nito, at makabukas ng isang pinto ng ibang pagsasagawa, at kapag nadadagdagan ang pagsasagawa ng isang nananampalataya ay nadadagdagan rin ang kabutihan ang gantimpala.

Balik- 'abroad'

Rolly D. Pascua | Riyadh

Pagkatapos ng pakikipagsapalaran
Natapos din ang dalawang taon,
Walang katulad na kaligayahan
Ang una ay makapagbakasyon.

Noong una'y ang yabang pa,
Dahil limpak-limpak ang dalang pera,
Hindi pa tapos ang bakasyong itinakda
Ang dalang datong ay ubos na.

Pasyal dito, bili doon,
Inom dito, kainan doon;
Paglipas ng ilang panahon,
Nangungutang na ng pamban.
Minsan ay pumasok sa aking isipan,

Paga-*abroad* huwag nang balikan,
Subali't kapag naalala tindi ng kahirapan,
Dapat magsakripisyo dahil kailangan.

Kay hirap talaga kapag bumalik ka na,
Lalu na kung mga anak ay maliliit pa.
Bago ka umalis ay nilalambing ka,
Wala ka nang magagawa kundi ang
lumuha.

Ito ang pangako ko sa aking sarili,
Sa *abroad* hindi ka mananatili,
Ang pagtanda ay hindi maikukubli
Ilaan sa pamilya ang lalalabi pang san-
dali.

Sa aking paglisan

Kay sarap namnamin ang mga ala-ala,
Ng nagdaang panahong tayo'y maligaya:
paligid nati'y puno ng saya at kay ganda,
Mga puso nati'y tigib ng pangarap at pag-asa:
Dahil sa tapat na pag-ibig sa isa't-isa
At sa pangakong sa wari ay 'dimasisira.
Halina't kahit sa huling sandali'y ating
mapagmamasdan,

Angmasayang araw ng ating nagdaan.
Pagsuyo at lambinga'y atin pa ring mapag-
masdan,

At ang ligaya sa ating puso'y di mapapaaram;
Pagka't ako'y umaasang walang hanggan
Ang ating pagmamahal.

Oo nga't ako'y umasa at nangarap sa magan-
dang wakas,

Ng isang pag-ibig na akala ko'y wagas;
Na kaipala'y di magluluwat

At darating ang katotohanang kay saklap.
Nguni't kailangang tanggap[ing ang ligaya
nati'y magwawakas,

At ang bantayog ng ating mga pangarap ay
mabubuwig.

Ang aking paglisan,
Masakut man sa kalooban,
Ay gagawin ko nang may katatagan;
Kaysa masaktan lang nang tuluyan,
Mas-nanaisin ko na ang lumisan,
Nang mabigyan ka rin ng kalayaan.

Kaya ngayon sa aking paglisan
Mga ala-ala ko nawa'y makapag-iwan
ng kahit kaunting kasiyahan.

At sana'y maalala ko pa rin ang iyong
kaligayahan

Kahit na ako'y iyong sinaktan.

Lily Ann Pereyras
Manila

Mga Migranteng Pilipino

Ni: Renato Perdon | Pinoy Xtra



Pagsasamantala sa 'Skilled Immigration Program'

Ang mga may mataas na kasanayan sa trabaho (*high skilled workers*), lalo na ang mga nakapagtrabaho na sa Gitnang Silangan tulad ng Saudi Arabia, ay kailangang-kailangan sa Australya sa panahong ito at maraming mga OFWs ang nagnanais na subukan ang pagkakataon na makapagtrabaho rito na malapit lamang sa Pilipinas. Nguni't, sa ibang nangangarap na makapagtrabaho sa Australya, ang pagbibigay ng panahon upang matiyak na masisiyahan sila sa pagtatrabaho sa bansang ito ay hindi nabibigyan ng pansin.

Kung ikaw ay isang may kasanayang manggagawa na may alok na trabaho sa Australya, ipinapayo na inyong pag-aralang mabuti ang mga probisyon ng inyong kontrata sa trabaho. Maraming kompanya sa Australya ang kumukuha ng mga may mga kasanayan sa trabaho sa pamamagitan ng 457-*visa* o ang mga *employers* ang gumagawa ng nominasyon para sa pansamantalang *visa* para sa mga OFWs na makapasok sa Australya.

Ang 457-*visa* ay binuo at ipinatutupad ng gobyerno at pinapayagan nito ang mga nagpapatrabaho sa Australya na magpasok ng mga banyagang manggagawa, kasama ang mga OFWs, sa Australya, pati na ang

mga nagtatrabaho mula sa Saudi Arabia. Ang problema sa sistemang ito ng *Skilled Immigration Program* ay ang nagkakabene-episyong lamang ay ang mga nagpapatrabaho at may mga probisyon na naglalagay sa mga OFWs sa *disadvantage* habang nagtatrabaho sa bansa.

Isang isyu – ang pagpipilit sa mga manggagawa sa ilalim ng 457-*visa* na lumagda sa magkakahiwalay na kontrata at ang pagbabayad ng nakapagdududang halaga ng gastos sa migrasyon. Alok na sahod na mababa sa katulad na puwesto na hawak ng manggagawang Australyano at ang mga OFWs ay palagiang kinakabahan na ipade-*deport* sila kung magtatanong tungkol sa nararapat na mga kalagayan at karapatan sa lugar ng trabaho.

Maraming OFWs ang biktima na 457-*visa*. Napipilitan silang lumagda sa blangkong dokumento at pinagbabayad ng mataas na halaga sa pagpoproseso ng kanilang mga papeles sa migrasyon. Napipilitan din silang manirahan sa may mataas na renta ng bahay at ito ay malaking kabawasan sa buwanang sahod na kanilang ipinadadala sa pamilya sa Pilipinas.

Sundan sa pahina 7

'Award' kay FPJ tinanggap; Tito at Bong nasa alapaap

Rosa Ocampo at Aimee Flores | Pinoy Xtra

Isang seremonya ay tinanggap ni Susan Rocas at anak na si Mary Grace Poe-Llamanzares ang *posthumous award* para sa nasirang Da King bilang *National Artist*, na tinanggihan noong ang dating Pangulong Gloria Macapagal Arroyo pa ang nasa katungkulan. Ang *National Artist medallion* ay iginawad mismo ni Pangulong Benigno "Noy" Aquino III sa Malacañang noong nakaraang Huwebes pagkatapos ng anim na taong paghihintay.

"It's worth waiting for... to be conferred by a duly-elected President (Karapat-dapat na hintaying... igawad ng isang Pangulong talagang ibinoto)," sabi ng ginang ni FPJ. Maaalalang inakusahan noon ni Susan Rocas si GMA, na ngayon ay kinatawan mula sa unang distrito ng Pampanga, ng pagnanakaw ng boto mula kay FPJ noong halalan sa pagka-pangulo noong 2004.

Tito at Bong nasa alapaap

Tutol sa *reproductive health bill* (RH bill) ang mga artistang senador na sina Tito Sotto at Bong Revilla. OK kasi sa RH bill ang paggamit ng *birth control pills* na ayon sa dalawa'y may dulot na masamang epekto.

Naluluhang isinisi ni Tito sa *pills* na ginamit ni Helen Gamboa ang pagkamatay ng sanggol na anak 37-taon na ang nakararaan. Gayundin si Bong sa pagkamatay ng isa sa mga anak nila ni Lani Mercado.

Mula sa pangungulila sa pag-alala sa sinapit ng panganyan na anak, nagalit si Tito Sen nang hingin ni dating DSWD Secretary at doktorang Esperanza Cabral ang *death certificate* ng anak.

Pero may punto si Dra. Cabral. Mabibigat ang mga binitiwang salita ni Tito Sen sa kaniyang *speech* sa Senado, aba'y dapat lang na magbigay siya ng pruwera.

Tila kulang sa pagsisiyasat si Tito Sen bago nag-

salita sa Senado. Ayon sa ekonomista at manunulat na Solita Monsod, sa *internet* lang ay *super-dami* ang mga pag-aaral, pananaliksik na siyentipiko at mga *advances* sa agham na nagsasabing hindi nakakapangamba ang paggamit ng *pills*.

Si Bong naman, dinala pa ang sanggol na anak sa Estados Unidos upang ipagamot ngunit namatay din ito. Sabi niya, 'yun na nga, mabuti may pera sila pero paano na ang mga walang pera? Siguro'y hindi nakita ni Bong ang *irony* sa kaniyang pananalita.

Papaano na nga ba ang mga milyon-milyong Pinoy na sa kahirapan ay walang pera para mairaos ang panganganak ng ina, walang pangbili ng gatas, walang makain, walang makitang marangal na trabaho, walang kinabukasan? Papaano masusugpo ang naturang kanser ng lipunan?

Ano man ang kanilang opinyon tungkol sa RH bill, kailangan ng ating mga artistang senador ang humarap sa katotohanan mula sa lugar ng mga kapuspalad at naghihikahos, hindi sa katotohanan mula sa kanilang *mansion* sa Forbes Park at Ayala Alabang.

Tattoo

Ngayo'y usong-uso ang paglalagay ng *tattoo* bilang pagpapahayag ng pagmamahal. Si Angelina Jolie para sa ex na si Billy Bob Thornton. Si Bobbi Cristina Brown para sa namatay na inang si Whitney Houston. Si Marian Rivera para kay Dingdong Dantes.

At ngayo'y si Zsa Zsa Padilla, sa kaniyang *wrist*, para kay "Lovey" Dolphy. Kahit hindi mo kilala si Zsa Zsa, mababasa mo sa kaniyang mga mata ang lungkot na karaniwang nakikita sa mga taong nawalan ng pinakamamahal sa buhay. Nasa Amerika si Zsa Zsa upang magpagamot. May iniindang sakit ang magaling na *singer* bukod pa sa *scoliosis* na maraming taon na ring nagbibigay sa kaniya ng *physical pain*.

Hindi namin alam kung nasaan ang *tattoo* ni Marian ngunit ito siguro ang dahilan kung bakit hindi siya nakapag-*donate* ng *blood* sa Red Cross noong *birthday* niya. *Correct us if we're wrong*, sa aming pagkakaalam, hindi pinapayagang mag-*donate* ng dugo ang mga

taong may tattoo.

Kay Marian pa rin, suwerte naman ni Rafael Rossel na sa kaniyang paglipat sa GMA mula sa ABS CBN ay kapareha na agad niya si Marian sa isang teleseryeng hinango mula sa Koreanovela. Hindi kinagat ng tao ang tambalan nina Marian at ng *newbie* na si Mikael Daez ngunit sa aming palagay ay mas-tatangkilikin ng mga manonood sila ni Rafael dahil bagay sila at pareho sila ng *level* sa pag-arte.

'Little Miss Philippines 2012' big time na

Sa mga sumusubaybay sa *Eat Bulaga* sa GMA 7 (na karga ng OSN sa Saudi), *big time* na ang *little but terrible* na si Ryza Mae Dizon ng Angeles City, bagama't sa Maypajo sa Caloocan nakatira, ayon sa kaniya habang nasa *Eat Bulaga* siya. Sa LRT din daw siya sumasakay kapag pupunta sa Broadway Central para sa kaniyang labas sa *show*. Pero bukod sa *Eat Bulaga*, kasama na rin siya sa *Tweets for My Tweets* sa GMA 7 na tinatampukan ni Marian Rivera. Nauna rito ay kinapanayam na rin siya ni Jessica Soho sa "Kapuso Mo, Jessica Soho" na ipinalabas sa naturang *TV station* noong Hunyo 16, pitong araw pagkatapos niyang manalo bilang "Little Miss Philippines 2012" noong Hunyo 9. Bibo kung magsalita, hindi mo aakalaing pitong taong gulang lamang ang bata, na nagsabing porsigidong makatulong sa mga magulang, lalu na at walang trabaho ang ama at umaasa lamang sa kanilang tindahan ang pamilya. Hindi naman nabigo ang pamunuan ng GMA 7 at *Eat Bulaga* sa kanilang pag-asa sa bata dahil sa lubos niyang nagagampanan ang mga ipinapagawa sa kaniya sa *noontime show*, na nag-umpisa pa noong 1979. Hindi nakakapagtaka kung sakaling bibigyan pa siya ng malalaking proyekto. Ano man ang ipagawa sa kaniya ay kayang-kaya.

Sundan sa pahina 7

Mga Liham sa Patnugot

 xtra@arabnews.com

Paglathala sa tamang pangalan ng anak

Salamat sa tawag po ninyo tungkol sa problema namin sa pagtatama sa pangalan ng aming anak. Nakabakasyon ngayon si G. Jun Duran ng Philippine Embassy at makikipag-ugnayan kami sa kaniya tungkol sa request para sa affidavit of publication mula sa Pinoy Xtra.

Ana Alonzo
Mandaluyong City

(Sige, Ana, hihintayin namin ang buong teksto ng nais niyong ilathala

sa pahayagan. Siguraduhin ding mag-request kay G. Duran upang ang embahada ay magpadala ng kabilingan para sa pagkaloob ng affidavit of publication — **Patnugot**)

Hangad ang sustento ng asawa para sa mga anak

Ako po ay isang Pilipinang Muslim mula sa Basilan at minsan ay tumawag sa inyo na humihingi ng tulong upang maobliga sana ang aking mister na sustentuhan ang aming mga anak. Mula noong umalis ay hindi na kami

binalikan at nagtatrabaho bilang isang driver. Ang bago niyang asawa ay isang dentista at nagtatrabaho sa isang clinic sa Batha. Ang pangalan niya ay Ibrahim Kalathil. Kami ay ikinasal sa India noong Marso 30, 2001. Sana ay tulungan po ninyo ako.

Fatima
Riyadh

(Ang impormasyon namin ay dapat ilapit sa Indian Embassy ito dahil sa isang Indian national ang mister mo. Titignan namin kung anong magagawa tungkol dito — **Patnugot**)

Kaarawan at Iba Pang Kaganapan

Kaganapan

Sino: The Philippine Society of Mechanical Engineers (PSME-WRSA) Western Region sa pakikipagtulungan ng Jeddah Review Center ay inaanyayahan ang lahat ng nagbabalak na kumuha ng mechanical engineering board examination sa darating na Oktubre.

Saan: Jeddah Review Center

Kailan: On-going, tuwing Huwebes mula alas-7 hanggang alas-11 ng gabi. Biyernes, mula ala-1 hanggang alas-5 ng hapon.

Sa iba pang tanong, tumawag sa chapter president, 05046-56049; sa professional

enhancement director, 05028-35729 at membership director, 05024-43850.

Sino: All Filipino electrical engineers, electrical practitioners, interested individuals, members and non members.

Ano: IIEE-WRCSA - accepting application form for REE and RME PRC-Special Professional Licensure Board Examination (SPLBE) on October 2012 in Jeddah.

Contact Persons: July Palomar, 05692-39104; Edwin Apacionado, 05036-65604 at Yusoph Admain, 05608-56987

Textmate ang hanap ni Bakht Munir, 05447-87374

Happy Eid sa lahat ng mga OFWs dito sa Gitnang Silangan. Mula sa pamunuan ng Pinoy Xtra.

Happy Eid kina Bong, Ely, Ruben, Noel, Ben, Bobby, Edgar, Lito at Omar ng Al-Madina Printing Press. Hello din kay Rudy ng Dareen Travel. Pagbati mula kay Ernie.

Hello kina Gina, Marla, Ernie, Sally, Doel, Jing, Alex, Mely, Mel, Rene at Cathy. Mula kay Andy Garcia.

Award kay FPJ ...

Mula sa pahina 6

Minsan ay pinaluha siya tulad ng nau-nang ginawa ni Wally Bayola habang ang "Sugod Bahay Gang" ay nasa bahay ng nanalo nang araw na 'yun. Akalain mong na-mabilis pa siyang lumuha kaysa sa komedyante. At nagpatawa pa nang sabihan si Jose Manalo na huwag maingay dahil sa nagko-concentrate siya.

Grace Lee nagsalita tungkol sa kaniya at P-Noy

Sariwa pa sa alaala ng marami ang mga balita tungkol kina P-Noy at Grace Lee pero kamakailan ay nakapanayam ng Philippine Entertainment Portal ang dalaga. Ang akala ng marami ay sila na talaga pero ito ay taliwas pala sa mga pangyayari. Sabi niya sa PEP: "We dated for a couple of months, you know, sometimes you date and it works out, and you go to the next level, you become a couple, and you are in an exclusive relationship... We never got there. (Nag-date kami sa loob ng dalawang buwan, alam mo, kung minsan ay nagka-kaari, at tuloy kayo sa susunod na lebel, at may eksklusibo kayong relasyon. Hindi kami nakarating du'n)."

Mga migranteng ...

Mula sa pahina 6

Ginagawa rin ng 457-visa na maging mahirap para sa mga OFWs na lumipat ng bagong pagtatrabahuhan dahil kailangan nilang umuwi muna sa Pilipinas bago lumipat ng ibang trabaho.

Ang mga OFWs ay madaling napapagsamantalahan dahil kontrolado sila ng nagpapatrabaho o employer. Hindi sila maaaring sumali sa mga unyon ng kauring manggagawa

sa isang industriyal aksyon o magreklamo para sa kanilang mga karapatan na hindi muna iisipin na sila ay tatanggalin sa trabaho at pipiliting paalisin sa Australya.

Isang samahan ng manggagawa sa Australya, ang Australian Manufacturing Worker's Union (AMWU), ang nakikipaglaban sa hindi makatarungang mga probisyon ng 457-visa at tinutulungan nito ang mga pinagsasamantalang mga OFWs. Ipinagtatanggol nila ang mga karapatan ng kanilang mga miyembro na tumanggap ng nararapat na suweldo at bigyan ng disentang kondisyon, tulad ng kaligtasan sa lugar ng trabaho.

Ayon sa AMWU ang mga OFWs, kahit saan man sila nanggaling, kahit sa Gitnang Silangan tulad ng Saudi Arabia, ay kailangang magkaroon ng parehong mga karapatan sa trabaho, parehong suweldo, at parehong mga kondisyon sa trabaho tulad ng kanilang mga kasamahan na manggagawang Australyano.

Para sa tulong sa 457-visa, maaaring kontakin ang AMWU Helpdesk sa +61 2 8863 7900 o mag-email sa amwu@amwu.asn.au. Maaari ring tumawag sa lokal na numero 421-1049 at humiling ng tulong para sa 457-visa ng Australya.

arab news Pinoy Xtra

Abdulwahab Al-Faiz
Punong Patnugot

Rodolfo C. Estimo Jr.
Patnugot

Ian Homer B. Jaramel
Tagadiseno

Ang Pinoy Xtra ay isang libreng suplemento ng Arab News na inilathala tuwing Linggo para sa mga Pilipino.



Talambuhay ng Dating Pangulong Manuel L. Quezon

1) Petsa ng kapanganakan sa Baler. Isa sa pinakadakilang Pilipinong estadista, pulitiko, lider at unang pangulo ng pamahalaang Komonwelt ng Pilipinas. A) Agosto 9, 1878 B) Agosto 19, 1878 C) Agosto 29, 1878

2) Lugar ng kinamatayan sa Estados Unidos noong Agosto 1, 1944. A) New York B) Washington C) California

3) Ang kaniyang pansamantalang hantungan sa Maynila matapos hukayin ang libingan sa Arlington National Cemetery Washington noong Agosto 1, 1946 pagkalipas ng dalawang taon. A) Silangang Libingan ng Maynila B) Kanlurang Libingan ng Maynila C) Hilagang Libingan ng Maynila

4) Itinatag ang unang pahayagang Pilipino sa Ingles noong Agosto 8, 1920 ng isang grupo na pinamunuan niya, na pangulo ng senado noon. A) Philippines Herald B) Philippine Daily Express C) Philippine Star

5) Petsa nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa pagpapatuloy ng kaniyang panunungkulan bilang pangulo ng Pilipinas dahil sa susong ng Saligang Batas. A) Disyembre 8, 1940 B) Disyembre 8, 1941 C) Disyembre 8, 1942


6) Ang pangalan ng kaniyang mga magulang, mga mestizo at mestizang Kastila at kapuwa guro. A) Lucio Quezon at Maria Dolores Molina B) Luciano Quezon at Maria Lourdes Molina C) Lucio Manuel Quezon at Marina Dolores Molina

Mga Sagot sa Nakaraan:



1.Manuel S. Arguelles, 2) Mariano Seguera, 3) Sixto delos Angeles, 4. Ramon Magsaysay 5. Kawit, 6. Agosto 8, 1963, 7. Partido Liberal, 8. Agosto 21,1983, 9. Jose Abad Santos 10. Gregorio del Pilar

Spot the Changes

By AVE B. GUEVARRA
There are ten things in drawing A that are different from drawing B. How many can you find?



ANSWER:



Herrera taas-noo pa rin bilang 'Olympian'

Agnes Cruz | Pinoy Xtra

MANILA: Aminado ang naging pambato ng Pilipinas sa katatapos na London Olympics na si Rene Herrera na malayo talaga ang agwat ng kaniyang mga nakalaban sa kaniya pagdating sa bilis at lakas.

Ang resulta ay alam na ng marami: kulelat siya sa heat ng 5,000 meters event kaya nabigo siyang makausad sa finals.

Pero sa pagbabalik niya dito sa Pilipinas, kasama ng mga kapuwa niya *Olympian*, matapos ang pagsabak nila sa presitihyosong kompetisyon, wala siyang pagsisisi at panghihinayang sa naging kapalaran niya.

Bagkus, taas-noo pa rin daw siya na nagbalik dito at haharap sa kaniyang mga kababayan.

"Proud na proud pa rin ako dahil naging *Olympian* na rin ako sa wakas. *Dream come true* sa akin 'yan eh," wika ni Herrera nang makausap ng mga *sportswriters*.

Ipinagdiin niya na wala raw siyang dapat ikahiya kahit na kulelat siya sa kaniyang event. Kung magkakaroon daw siya ng pagkakataon pa na maipadala uli sa susunod na *Rio de Janeiro Olympics* sa 2016, buong-puso daw niyang tatanggapin uli ang hamon.

"Basta para sa bayan, kahit anong oras, lalaban ako," wika ni Herrera na isang *Seaman Second Class* sa Philippine Navy.

Naikuwento pa ni Herrera na kung tutuusin daw ay 'di na niya inaasahan na makakasama siya sa London Games. Inihabol na lang daw ang pangalan niya bilang *wild card entry* sa kompetisyon dahil sa mga record niya bilang *No. 1 long-distance runner* ng Pilipinas at ang pagiging *reigning steeplechase champion* niya sa Southeast Asian Games.

Mula nang una siyang sumabak sa Sea Games noong 2003 sa Hanoi hanggang sa sumunod na apat na edisyon nito, pinagharian na niya ang *steeplechase event*. Sa Hanoi, ginimbal niya ang mga masliyamadong katunggali, kabilang dito ang beterano kababayan at *multi-titled team-*



Si Rene Herrera kasama si Mohamed Farah ng Great Britain.

mate na si Eduardo Buenavista.

"Bale ihinabol na lang ang pangalan ko para sa London Games. Ang totoo nga nataranta kami ng *coach* (Mario Castro) ko noong malaman namin sa tuloy ako sa London. Nagmadali kami sa pagte-training ko sa Baguio tapos medyo kapos pa kami sa *financial support*. Pero okey na yun, nalampasan na namin 'yun at tiniis namin para lang makarating kami sa London," wika ni Herrera.

Sa kabila nito, nilinaw niya na handanghanda daw sa pagsabak niya sa Olympics.

"Physically saka mentally ready ako.

Talaga lang sobrang lalakas at bibilis ng mga kalaban ko. Siyempre ine-expect ko naman na *world-class* ang mga 'yun. Totoo naman, ang layo ng deperensiya nila sa atin," wika ni Herrera.

Kumpara raw sa kaniya na may taas lang na *five-foot-eight*, mas-matangkad daw sa kaniya ang mga nakalaban niya. Pero mas napabilib daw siya dahil ang titibay ng resistensiya at mabibilis ang mga ito.

"Pinilit ko na sumabay sa kanila pero habang tumatagal, lalo silang bumibilis, hanggang sa 'di ko na napansin na napag-iwanan na pala nila ako," wika ni Herrera

na nakasabay lang sa unang tatlong lap ng kabuuang 12 at kahating laps paikot sa *Main Stadium track* pero tuluyan nang napag-iwanan sa sumunod na bahagi ng karera.

Si Herrera ang pinakahuling nakatapos sa karera at halos 44 na segundo matapos ang sinundan niya na pangalawa sa kulelat na mula sa Saudi Arabia.

Pero kulelat man siya, wala raw siyang dapat na ikahiya dahil ginawa niya ang lahat ng kaniyang makakaya.

Katunayan nga raw nalampasan niya ang dati niyang *personal best* na 14:51.00 sa nasabing event nang matapos niya ang karera sa oras na 14:44.11.

"Proud pa rin ako dahil buong mundo ang nakakita na kayang tapusin ng Pilipino ang karera kahit na *world-class* ang level ng labanan doon. Lalo akong ginanahan na tapusin ang karera noong nagpapalakapan at nagsisigawan ang mga tao sa *stadium* para tapusin ko ang karera," wika ni Herrera.

Ang isa sa 'di niya makakalimutan ay nang makita niya na nag-aabang sa kaniya sa *finish line* ang idolo niya na si Mohamed Farah ng Great Britain at akapin siya nito pagdating niya doon.

"Idol ko talaga 'yun noon pa," wika ni Herrera na aminadong sinusubaybayan niya ang *career* ni Farah na unang sumungkit ng *gold* sa 10,000-meters event bago niya ito sinundan ng isa pa sa naturang 5,000-meters event.

"Nagkausap kami sa *call room* bago ang karera. Nilapitan ko siya at sinabi ko 'how are you, idol?' Excited ako eh, at sinabi ko sa kaniya na matagal ko na siyang idol. Ngumiti siya at mabait naman kaya nagkakuwentuhan kami sandali. Nagulat ako nang makita ko na nag-aabang siya sa *finish line* tapos kinamayan at niyakap pa niya ako. Siya ang kumumpleto sa *Olympic dream* ko," wika ni Herrera.

Habang buhay daw niyang aalalahanin ang naging karanasan niya bilang isang *Olympian* sa London.

Maliliit na boksingero ipinagtanggol ng ABAP

Agnes Cruz | Pinoy Xtra

MANILA: Matagal nang sinasabi na *height is might* sa larangan ng *boxing*. Lamang na raw kasi kapag matangkad ang isang boksingero.

Inamin din ito ng *executive director* ng Amateur Boxing of the Philippines (ABAP) na si Ed Picson pero 'di raw sa lahat ng oras ay dehado ang mas-maliit na boksingero.

Inihalimbawa niya ang kaso ng naging pambato ng Pilipinas sa London Olympics na si Mark Anthony Barriga na may taas lang na 5-foot-flat.

"Mark is an exceptional boxer for his height. Puro matatangkad ang mga tinatalo niya sa mga *international tournaments*. Tulad sa London, 'yung tinatalo niya sa *first round* (ang 6-foot-5 na si Manuel Cappai ng Italy) eh dinomina niya kahit malaki ang agwat nito sa kaniya sa *height*," wika ni Picson.

"ABAP has always been putting premium on taller boxers. We do acknowl-

edge that height is a factor, pero malinaw naman na Barriga lost because he was short," wika ni Picson.

Ang tinutukoy ni Picson ay ang kontrobersiyal na pagkatalo ni Barriga sa puntos, 16-17, sa 5-foot-6 na kalaban niya sa *round of 16* na si Birzhan Zhakypov ng *Kazakhstan*. Kitang-kita ang lamang ni Zhakypov sa 19-taong gulang na si Barriga na sumabak sa unang pagkakataon sa Olympics. Halos ibalibag na siya ng taga-Kazakhstan dahil sa mas-matangkad ito sa kaniya.

Lumalabas na si Barriga ang pinakamaliit sa *light-flyweight division* sa London Games. Mas-maliit daw siya kaysa sa beteranong *Russian fighter* na si David Ayrapetyan, ang *fourth seed* at may taas na 5-foot-2.

Ayon kay Picson, nasa galing at determinasyon pa rin daw ng isang boksingero ang ikapagtatagumpay nito kahit 'di matangkad at ang makakasagupa niya ay mas-mataas sa kaniya.



Ang mga miyembro ng Shuttle Eagle Badminton Club noong kanilang "2nd In-house Badminton Tournament".

'Badminton tournament' ginanap ng SEBC

Ian Jaramel | Pinoy Xtra

JEDDAH: Nagtapos kamakailan lamang ang 2nd In-house Badminton Tournament ng Shuttle Eagle Badminton Club sa Jeddah International School sa pamumuno nina Jay Erasusta, *chairman* at Jim Evangelista, *tournament director*.

Hinati sa dalawang grupo ang mga miyembro at ito ay pinamunuan nina Jojo De Jesus at Tito

Basas (*team captain*) para sa *black team* at sina Sam Cabanilla at Romy Generoso, *team captain* naman ng *red team*.

Nagkampeyon ang *black team* sa pamamagitan *no. of sets* (14-10) dahil nagtapos ang bawat *team* na may tig-apat na panalo.

Pinasalamat ni Jay, *chairman* ang mga *sponsors* na sina Mr Lloyd Fuller, ng Clorox; Bobby Javier at Al Tazaj Fakieh BBQ *chicken*.